# Grace

**Maikling Kwento ni Crucifix Calabia**

BUOD:

Si Egoy ay isang tipikal na binatang nag-aaral ng kolehiyo sa UPLB. Ito ang kwento ng kanyang paghahanap ng hustisya, at paghihiganti para sa kay Delia, kay Grace, at para sa iba pang mga taong na-biktima ng mga halang na kaluluwa sa maliit na mundo ng Los Baños.

**Grace**

Maikling Kwento ni Crucifix Calabia

Bumalikwas si Egoy sa kama. Nagising siya mula sa isa na namang bangungot. Sa panaginip niya, may nakita siyang isang babaeng naka-dilaw. Sa isang madilim na eskinita ay tumatakbo ang babae patungo sa direksyon niya.

May lalaking humahabol dito. Patuloy ang babae sa pagtakbo patungo sa kinaroroonan niya. Natakot siya, hindi siya makagalaw. Hindi niya maikilos ang mga paa para salubungin ang babae. Nadapa ito sa isang maputik na butas ng kalsada. Sumisigaw ang babae, humihingi ng tulong.

Itinaas nito ang isang kamay, animo'y inaabot si Egoy. Hindi parin siya makagalaw. Nais sana niyang tumakbo papunta sa babae, pero naunahan siya ng takot. Naabutan ng lalaki ang babaeng naka-dilaw. Hinila niya ito sa buhok at kinaladkad. Hindi pa rin makagalaw si Egoy. Ni hindi siya makasigaw upang humingi ng tulong. Kinaladkad niya ang babae patungo sa kaniyang kotse. Hindi ito tumitigil sa pag-hiyaw. Iniumang ng lalake ang kaniyang kamao ng ubod taas at saka sinikmuraan ang babae., na saglit namang nawalan ng boses.

"Hayop ka! Putang-ina mo Jose !" sigaw ng babae.

Sinampal siya ng  lalaki. Saka siya sinikmuraan ng paulit ulit hanggang sa maubos ang kaniyang mga sigaw. Nakawala si Egoy sa takot. Mula sa basurahan na kaniyang pinagtataguan, tumakbo siya papunta sa babae. Inabutan niya ang lalaki habang pinaliliguan niya ng suntok, sipa at

tadyak ang babaeng naka-dilaw. Bumwelo siya ng takbo, tumalon, at tinuhod sa likod ang lalaki. Napa-hampas ang ulo nito sa salamin ng kotse na agad namang nabasag. Hinawakan niya sa braso ang babae at hinila ito patayo. Itatakas na sana niya ito ngunit nahila ng lalaki ang mahaba nitong buhok.

"Dito ka lang Delia!" sabi nito sabay hila sa babae.

Humampas ang babae sa unahan ng kotse at bumagsak sa lupa. Ibinaling ng lalaking nagngangalang Jose ang atensyon kay Egoy.

"Tarantado kang bata ka ha!" sigaw nito sa kaniya.

Tinadyakan siya nito sa mukha. Nalagas ang ilan niyang ngipin. Naramdaman niya ang sakit na dulot nito. Hinawakan siya ni Jose sa batok at ini-umpog sa pintuan ng kotse. Nabuwal siya sa lupa. Sinakyan siya ng lalaki at pina-ulanan ng suntok.

"Sa susunod 'wag kang makikialam sa away ng iba!" sabi nito habang patuloy sa mga dagok sa kaniya. Dama niya ang bigat ng baway pagbagsak ng kamao sa kaniyang katawan. Napa-ihi siya sa pinaghalong takot at sakit. Nang mag-sawa si Jose sa kaniya ay pinuntahan nito ang dalagang tinawag niya na Delia.

"Tangina ka talaga Delia. Di ka pa nakuntento sakin. Pati sila Pandoy pinatos mo!" sabi nito sabay tadyak sa sikmura ng babae.

Bumulwak ang dugo mula sa bibig ng babae, kitang kita ito ni Egoy. Umagos ito sa lupang kinahihigaan.

“Wala akong ginagawang masama Jose!” sabi nito habang humahagulhol sa sakit.

“Eh anong ginagawa nyo dun sa *hotel* magdamag? Nag-tong its?!” sabi nito sabay tadyak sa mga binti ng dalaga. Hindi siya tumigil hangga’t hindi namimilipit sa iyak si Delia.

“Tama na Jose, maawa ka!” sabi ng babae, ngunit bingi sa galit si Jose. Dumukot ito ng panyo sa kaniyang bulsa at ipiniring ito kay Delia.

“Hindi na mauulit Jose. Maawa ka mahal na mahal kita!” hagulhol nito.

Matapos piringan ay itinali ni Jose ang mga kamay nito sa likod. Umungol si Egoy sa bilang protesta sa ginagawa ni Jose. Tinadyakan siya muli ni Jose sa mukha. Binuksan nito ang pintuan ng kotse at kinuha dito ang isang dos-por-dos na kahoy. Nanlaki ang mga mata ni Edoy. Itinaas ng lalaki ang dos-por-dos.

“Pasensya na bata. Dapat di ka na nagpaka-bayani eh.”

Pagka-sambit ng mga salitang ito ay inihampas niya ang kahoy sa sentido ni Egoy. Dahan dahang nanlabo ang kaniyang mata. Nag-manhid ang buo niyang katawan. Sa mga huling sandali ng kaniyang kamalayan, nakita niyang nilagyan ni Jose ng laso ang leeg ni Delia at itinali ito ng mahigpit. Narinig niya ang bawat pagtakas ng boses ni Delia. Sumisigaw ito, ngunit hindi makawala ang boses. Dahan dahan siyang napa-pikit.

Doon siya nagising.

Kinuha niya ang pakete ng sigarilyo sa tabi ng kaniyang lamesa. Dumukot ng isang piraso at sinindihan nito. Itong mga nakaraang araw ay dumadalas ang kaniyang bangungot. Lahat

kapareho ng bangungot niya ngayon lang. Mayroong bangungot sa bawat pagpikit niya ng mata. Mayroon ding bangungot sa bawat umagang pag-gising niya. Kailan matatahimik ang babaeng naka-dilaw? Marahil pagkatapos ng gabing ito. Gusto na niyang makatulog ng mahimbing.

Matagal na panahon narin ng huli siyang nakatulog ng payapa. Lubog na ang kanyang mga mata, sa puyat at sa pag-iyak. Hinithit niya ang nagbabagang sigarilyo. Hinithit niya ito ng malalim, itinigil sa loob ang usok, at saka ibinuga. Kahit papaano ay naibsan ang sikip ng dibdib na kaniyang nadarama. Inayos niya ang mga gamit, lumabas sa pinto sinaraduhan ito. Kinuha niya ang susi sa ibabaw ng TV sa kaniyang *apartment* at lumabas ng bahay. Hindi niya kinandado ang pinto. May oras pa siya para huminga.

Tumungo siya sa *rooftop* dala ang ilang bote ng alak na natira niya nung nakaraang gabi. Sakto, Biyernes ngayon. Wala siyang klase bukas. Ayos lang malasing siya ngayong gabi. Binuksan niya ang bote at nilanghap ang pait na dala ng pulang kabayo. Napapikit siya. Matagal na siyang hindi umiinom ng alak. Matagal na, at nangako siyang kailanman ay hindi na muli maglalapat ng alak sa kaniyang labi.

Naalala niya si Grace. Si Grace na kaniyang kaklase sa unibersidad. Si Grace na kaniyang pinakamatalik kaibigan. Si Grace na kaniyang minahal. Tumingala siya sa langit. Nakita niya ang isang eroplano, lumilipad sa kalagitnaan ng mga bituin. Si Grace. Marahil ay naroon siya ngayon, palayo sa kaniya. Palayo ng palayo ng palayo. Sana ay masaya na siya. Tapos na ang lahat ngayon gabi. Tatapusin niya na. inilabas niya ang kutsilyong naka-singit sa kaniyang tagiliran. Tiningnan ang talim nito sa liwanag ng buwan. Pwede na, pwede na.

Unang araw ng klase. Walang kakilala si Egoy na kahit sino. Unang taon niyang mag-aaral sa unibersidad. Doon niya nakilala si Grace. *Bloc meeting*, usap usap ng mga magkaka-bloc. Una palang silang nag-usap, alam na niyang magiging magkaibigan sila. Mula noong araw na iyon ay hindi na sila napag-hiwalay. Sa lahat ng klase, *lunch break* at *free time*, sila ang magkasama. Unti unti ay naramdaman ni Egoy, sa pagdaan ng mga oras, araw, buwan. Nahuhulog na siya kay Grace.

Alam ito ni Grace. Sa pagdaan ng panahon ay nahulog na rin siya sa binata. Mahirap naman na hindi, sila ang magkasama sa lahat ng oras. Hindi tumitingin sa iba si Egoy, isang bagay na pinakahihiling ni Grace sa isang lalaki. Minsan na siyang naloko at nasaktan, alam yun ni Egoy. Kaya't nang malaman niyang gusto rin siya ni Grace ay nangako siyang di ito gagawin sa kaniya.

"Dalawa lang ang bisyo ko. Hindi kasama doon ang mambabae." sabi niya.
"Ano ano?"
"Magmahal. At mag-inom."
"Loko loko." madalas na sinasagot sa kaniya ng dalaga.

Sa tuwing mag-iinom siya, nawawala siya sa sarili. Dalawa lang ang pag-pipilian: tulog mantika siya, o nag-aamok. At sa umaga, kapag nililinisan na siya ni Grace (na madalas may kahalong sermon), isa lang ang isinasagot niya.
"Dalawang okasyon lang ako mag-inom sa isang taon, mahal." sasabihin nito, bagama't hilo mula sa alak.

“Dalawa? Eh nakaka-anim ka na ata, ngayong buwan pa lang? Naku, wag ako!” sasabihin nito, sabay katok sa ulo ng nahihilong lalaki.

“Dalawa lang. Pag bertdey ko, at hindi ko bertdey.” sasabihin niya, sabay halakhak ng malakas.

Mapapailing nalang si Grace, ngunit hindi niya mapipigilang mapangiti. Kahit madalas uminom, masipag naman mag aral si Egoy. Hindi bumabagsak sa mga pagsusulit. Lagi nga lang napapaaway. Medyo mainit kasi talaga ang binata. Iniintindi na lamang niya ito, alam niyang galing ito sa isang sirang pamilya. Inaalagaan niya ito, at ganoon din naman ang binata sa kaniya.

Mahal na mahal niya si Grace, buong puso at kaluluwa. Galing siya sa isang sirang pamilya. Sira hindi dahil sa watak watak silang nabubuhay sa araw araw. Sira dahil wala na ang tunay niyang pamilya. Patay na ang mga magulang niya. Ang kuya niya ay may sariling mundo.

Sariling mundo, ayon ang nais niyang itawag dito. Pero sa mata ng iba, ang tawag sa kuya niya ay sinto sinto. Siraulo. Baliw. Marahil nga, at sinisisi niya ang pansit at si FPJ dahil dito. Lumaki siya sa tiyahin niya, ang kapatid ng kanyang ina. Kahit hindi pa handa ay kinupkop siya nito.

Mahirap lang sila, isa lamang *saleslady* sa Divisoria ang kanyang pangalawang ina. Maaga siyang namulat sa buhay kalye. Nagsimula siya na isang batang lansangan. Sa edad na siyam ay natuto na siya mang-*snatch*. Alam niya ang pasikot sikot ng mundong ito, alam niya na walang makahuhuli sa kanya. Sa edad na 12 ay natuto na siya mang-holdap ng mga mayayabang na *conyo* na dumadaan sa kanyang lugar. Sa edad na 14, nakapatay na siya sa rambol ng kanilang grupo. Muntik na siyang makulong dahil dito, ngunit napakiusapan ng tiyahin niya ang mga

pulis. Pumasok ang tiyahin niyang bihis sa opisina ng hepe, at lumabas na magulo ang buhok at nagkalat sa mukha ang *lipstick*. Mahal siya ng tiyahin niya na parang isang anak, nadiskubre niya noong araw na iyon. Unti unti niyang tinalikuran ang buhay kalye, ngunit bakit ganoon? May kulang parin?

Noon niya nakilala si Grace.

Nang magpursige siya at makapasok sa UPLB, ipinangako niyang gagawin lahat ng makakaya para sa tiyahin. Nais niyang bumawi dito. Nais din niyang bigyan ng magandang buhay ang kuya, sapagkat alam niyang sa kabila ng pag-iisa nito sa mundo, nag-aasam din itong magtagumpay siya sa buhay.

Si Grace ang nagsilbing makina ng kanyang pagbabago. Siya ang tumutuktok sa ulo niya sa tuwing nalilihis siya ng landas. Siya ang humahalik sa kanyang pisngi sa bawat naaabot niya. Si Grace. Siya ang araw sa kanyang buwan. Hindi siya magliliwanag kung wala ito. Si Grace ang nais niyang makasama habang buhay. Mapasagot niya lang ito at mabigyan ng pagkakataon ipakita sa kanya na ang buhay niya ay para lamang sa kanya, hindi niya ito sasayangin. Si Grace, at ang matamis niyang oo.

Huwebes noon. Nakikipag-inuman si Egoy sa kaniyang mga *brods* sa *frat* niya. Kakatapos lamang ng rambol laban sa isa pang kapatiran. Hindi pa hilom ang mga sugat, paga pa ang mga mukha. Alsado pa ang mga labi pero sumige sige sa hamon ng isang kapatid nila na magpaka-lasing. Pumayag naman si Egoy. Salubong na rin sa kaarawan niya, naisip ng binata. Tumawag

si Grace sa kaniya. Huwag daw masyado magpaka-lango dahil magpapasundo siya mamaya. Gagabihin daw siya dahil sa isang proyekto. Umoo ng pabalang si Egoy. Di naman siya madaling malasing. Pagkatapos ng ilang kahon ng alak, lahat ng nasa *frat house* nila ay bagsak na sa sahig. May ibang nagtatawag ng uwak sa banyo, may ibang umuwi na. Pero karamihan, kabilang si Egoy, ay naiwang naka-salampak sa sahig at mga mesa. Tulog.

Nasa kanto si Grace, nag-aabang. Tinatawagan niya si Egoy pero hindi ito sumasagot. Nag-antay parin siya. Dadating yun, sabi niya sa sarili. May dala siyang *cake* para sa minamahal. Paborito ito ni Egoy. Tsokolate. Balak niyang sagutin na ang binata pag-sapit ng kaarawan nito mamayang alas dose. *Oo*, nakasulat sa dala niyang regalo.

Tumagal ang ilang oras pa at hindi parin dumadating si Egoy. Nalasing na ata, wika niya sa sarili. Ganito nalang ba talaga? Mas mahalaga pa ang alak kaysa sa kaniya? Ang lalaking kaniyang mamahalin, ang lalaking kaniyang sasagutin, ni hindi siya masundo sa dis-oras ng gabi. Bumuntong hininga na lamang siya at nag-antay ng traysikel papunta sa kanilang tinutuluyan, ngunit wala ring dumadaan. Sinimulan na niyang bagtasin ang madilim na kalsada, iniisip kung tama nga ba ang kaniyang gagawin.

“ ‘Wag ka muna tumingin ng tumingin sa relos! Minsan ka nalang magpakita ganiyan ka pa!” kantyaw ng isa niyang *brod* sa kaniya. Napangiti na lamang ng impit si Egoy.

“Di talaga pwede tol, susunduin ko pa si Grace.” sagot niya.

“Sige’t kami ang bahala sayo!” sabi nila sa kaniya.

Tumango na lamang si Egoy. Salubong na din sa bertdey niya, naisip niya. Maiintindihan naman siguro ni Grace kung uminom siya ng konti. Ang konti ay nadagdagan ng konti pa, hanggang sa ang konti pa ay hindi na sapat. Pagkatapos ng ilang bote ng alak, tulog na napahiga si Egoy sa sariling suka, katabi ng iba pa niyang kasama. Nais niyang bumangon at tumayo, ngunit hindi na niya kaya. Si Grace, naisip niya. Marahil ito ay nagpahatid na sa mga kaibigan niya. Pupuntahan nalang niya ito bukas. Maiintindihan naman siguro ni Grace. Bertdey niya. Ito ang huling naalala niya bago mapa-pikit ang mga mata.

Sa taas ng *rooftop*, sa ilalim ng langit, ay pigil na lumuluha si Egoy. Patawad, patawad, sabi niya sa hangin. Sinipa niya ang mga bote ng alak na kaniyang binitbit pataas. Tumilapon ito sa pader at nabasag. Napaluhod siya sa pag-iyak. Kung pwede lamang bumalik sa oras, sabi niya sa sarili. Ngunit nasa huli lagi ang pagsisisi. At sa pag-alala sa nangyari ng gabing siya ay sukdulang nalasing, hindi na niya napigilan pang humagulhol.

Trese. Ika-Trese noon ng Oktubre. Kaarawan niya. Sabi ng mga tao sa paligid niya, at maging ng mga libro at palabas sa telebisyon, malas daw ang trese. Depende, sasabihin niya. Pero ika-Trese ng Hunyo ng magkakilala sila ni Grace.

“Sabi sabi lang yun, wag ka maniwala.” sasabihin sa kaniya ni Grace sa tuwing nababanggit niya ang tungkol sa numero.

Si Grace. Susunduin niya dapat ito kagabi! Nasaan na kaya siya? Dali dali niyang kinuha ang telepono. Lobat. Marami na siyang natanggap na mensahe ng pagbati bago pa man sumapit ang

kaarawan niya. Baka natabunan na dito ang mga *text* ni Grace sa kaniya. Pagbukas ng telepono, wala siyang bagong mensahe. Nanibago siya. Nauuna lagi si Grace bumati sa kaniya. Wala ring mga mensahe mula sa mga kaibigan niya. Napatawa siya. Nagpa-plano siguro sila ng supresa para sa kaniya, naisip ng binata sa sarili.

Lumabas siya ng *frat house* at binagtas ang daan patungong sakayan ng jeep. Naisip niyang umuwi muna sa *apartment* niya. Dagsa ang mga pulis, nag-uunahan ang mga sasakyan nila. Ang ingay ng sirena. Nabingi siya. Kalaban ng *hang over* ang ingay. Naglakad siya patungo sa tinutuluyan. Sa *gate* ng kanilang *compound*, nag-aabang ang mga kakilala nila ni Grace. Napa-ngiti siya. Huli kayo.

"*Surprise!*" sigaw niya sa mga kaibigan. Lahat sila ay lumingon sa kaniya, tila nagtataka. Isa isa ay lumapit ito sa kaniya. Si Tin, isa sa mga malapit sa kaniya, ang unang yumakap sa kaniya. Umiyak ito. Nagtaka siya. Nagsimulang kumabog ang kaniyang dibdib.

"Anong meron?" tanong niya sa mga kaibigang nakapalibot sa kaniya.

Nagwika ang isa sa kanila.

Nahulasan siya.

"Tanginang biro yan, di nakakatuwa tol ah!" sabi nito sa kaibigan. Ngunit hindi ngumingiti ang sinabihan niya. Walang ngumingiti sa kanila.

Tinanggal niya ang yakap ng kaibigan.

Tumakbo siya palayo. Tila nabingi, hindi siya lumilingon sa sigaw ng mga kaibigan. Tumakbo siya palayo sa lahat. Sa mga tao, sa ingay, sa lahat. Tumakbo siya sa gitna ng kalsada. Sa

kasagsagan ng saglit na pagka-hibang, hindi niya napansin na palapit na sa kaniya ang isang jeep.

Pagka-gising niya ay nasa ospital na siya. Puno ng galos, mga benda. Naroon ang kaniyang pamilya, kasama ang mga kaibigan. Napatingin siya sa kisame ng kaniyang puting kwarto. Lumingon siya sa ina-inahan, ang kanyang tiyahin.

"Sabi na nga ba panaginip lang lahat eh." sabi niya, garalgal ang boses.

Walang imik ay niyapos siya ng tiyahin habang ito'y umiiyak. Hindi na rin niya napigilan at napaiyak na rin siya.

Balak niya silang sopresahin, ngunit siya ang na-sorpresa.

Wala na si Grace.

Kinabukasan, kahit hindi pa hilom ang mga sugat ay umuwi na siya sa tinutuluyan. Pinauwi na niya ang pamilya sa kanila sa pangakong maayos na siya. Pati ang mga malalapit na kaibigan na nais na samahan siya ay pinauwi na rin niya.

Pumunta siya sa burol ni Grace. May mga sisiw ang kabaong nito. Para makonsensysa ang mga may sala, sabi ng isang matanda. Hindi niya ito maintindihan. Halang ang kaluluwa ng gumawa nito sa kaniyang mahal, hindi sila makokonsensya sa basta tuka lang ng sisiw sa kabaong. Kung iaasa sa pulis, ilang taon pa ang aabutin, o baka habambuhay pa, bago ma-resolba ang kaso. Siya ang gaganap na hukom. Siya ang lilitis. Siya ang hahatol.

Umuwi siya dala ang poot sa dibdib, at isang sulat na ini-abot sa kaniya ng ina ni Grace.

“Minahal ka niya, *hijo*.”

Sapat na iyon para sa kaniya. Ang malaman na minahal siya ni Grace. Kasalanan niya kung bakit nangyari ito, maswerte siya at hindi siya sinisisi ng pamilya ng mahal niya.

“May plano ang langit…” sabi nila sa kaniya.

Mayroon nga. At siya ang kamay na bakal na isinugo nito.

Magtago na kayo.

Pag-uwing pag-uwi niya ay inayos niya ang gamit. Nilikom lahat ng makakalap na pera. Lumipat siya sa isang maliit na *apartment* sa isang lugar malapit sa *campus*. Mura ang renta dito, at kailangan niyang mag-tipid. Ibinenta lahat ng hindi kailangan, at nakipag-kaibigan sa mga piling tao.

Si Omar, ang siga sa kalye Banaue. Dito na siya lumaki. Kada uwi ni Egoy galing klase ay binibigyan niya ito ng sigarilyo. Iyon ang sikreto sa buhay, respeto. Hindi niya lugar iyon, pag-aari ni Omar lahat ng nasasakop niya. Bagama’t sanggano, may prinsipyo si Omar. Idolo daw kasi niya si Duterte. Siya ang nagturo sa kaniya kung sino sino sa teritoryo niya ang mga adik, at mga tulak.

Ipinakilala siya nito kay Bagsik, ang tulak ng Sitio Dos. Kaibigang matalik ni Omar si Bagsik. Dito kumukuha ng epektus si Egoy na itutulak sa iba. Marami siyang kakilala na gumagamit, at sa wala pang isang buwan ay napalago niya ang puhunan ng higit sampung beses. Ginamit niya

ang pera upang bumili ng mas marami pang *items* kay Bagsik, kapalit naman ng mga impormasyon na makakalap nito.

Ang mundo sa ilalim ng lupa ay parang isang malaking bahay ng gagamba. Lahat magkaka-dikit, lahat magkakakilala. Ginamit ni Egoy ang kaniyang bagong koneksyon upang makakalap ng impormasyon. Hindi siya nagmamadali, alam niyang mahahanap niya kaagad ang mga salarin sa nangyari kay Grace. Makalipas lamang ang saglit na panahon, mayroon na siyang konkretong sagot: isang gang na tinatawag nilang *Hood Thugz*. Mga iskwater, galit na bulong ni Egoy sa sarili nang sinabi ni Bagsik sa kaniya ang impormasyon. May tiwala siya kay Bagsik, alam niyang maasahan ito. Sino ba namang magsisinungaling kapag lango sa droga? Ibinabad nila sa bawal na gamot ang mga taong may kapirasong impormasyon. Si Omar ang mayor sa lugar na ito, si Bagsik ang kanang kamay. At hindi nagkakamali ang mga mayor.

Sa patuloy na pagkalap ng impormasyon, nalaman niyang nasa larangan ng pagtitinda ng *marijuana* ang grupong HT. Nalaman din niya kung sino ang mga ninong ng mga ito. Mataas sa posisyon ang iba, pero hindi bale. Hindi nila makikita ang pagdating niya.

Sa mga sumunod na linggo, isa isang natumba ang mga miyembro ng inasinta niyang grupo. Mga adik, tulak, maging ilang mga pulis. Ngunit kailangan niya itong gawin sa iba't ibang lugar, upang hindi maghinala ang publiko. Mahirap kalaban ang *media*, dagdag isipin pa. Ang iba ay kinukuhanan niya ng mga alahas at pera sa katawan, upang isipin ng mga tao na holdap ang nangyari. Ang iba ay binabaril niya sa ulo, *drive by* na tinatawag sa mga away ng gang. Ito ang una niyang pagpatay, ngunit sa paglaon ay para narin lamang siyang pumapatay ng langgam.

Una niyang itinumba ang mga bataan, ang mga walang bilang na kasapi ng grupo. Ang iba ay binaril niya, ang iba ay saksak. Itinatapon niya kung saan saan ang mga katawan, sa mga lawa, mga basurahan. Ang iba ay iniiwan niya sa teritoryo ng isang kalabang grupo. Sila sila ang mag-uubusan, naisip niya.

Malamig na ang simoy ng hangin sa taas ng gusaling kinaroroonan ni Egoy. Tuyo na at malamig ang mga luhang bakas parin sa pisngi niya. Patuloy niyang nilalaro ang balisong habang naghihintay ng tamang oras. Tingin siya ng tingin sa relos. Walang masamang tumingin sa relos, sabi niya sa sarili, matapos maalala ang kantyaw sa kaniya ng kaniyang mga kasamahan dati. Tumingala siya sa buwan at huminga ng malalim. Sinaksak niya ang hita gamit ang patalim na hawak. Konting tiis, konting tiis.

Hindi na siya umiinom, pero natatandaan niya na noong gabing iyon, sumama siya kina Bagsik. Pa-sikot sikot ang lugar na pinuntahan nila, maging siya ay nalito. Ang mga pader ng mga bahay na nadaanan ay gawa sa mga dating plakard ng mga nagra-*rally* at mga *poster* ng mga tumakbong pulitiko. Mga gulong na nagsilbing pabigat sa bubong, pinagbabahayan ng lamok. Nang marating nila ang lugar na pupuntahan ay medyo nabigla siya. Isang konkretong bahay sa gitna ng mga gawa sa pawid at tagpi-tagping yero. Lumabas dito ang kanilang pinuntahan, si Alfredo.

“Ano Predo, dala ko na dito *items* mo.” sabi ni Bagsik sa kaharap. “Kaliwaan na, nagmamadali ako.”

“Tuloy muna kayo.” sabi ni Predo.

Hindi siya ang tipikal mong tambay. Matipuno ang pangangatawan niya at medyo tisoy. Nagbebenta daw ito ng sarili sa mga bakla, sabi ni Bagsik sa kaniya bago sila magtungo roon. Ganoon na ang raket niya ngayon, pero dati siyang tulak sa *Hood Thugz.* Inalok sila ni Predo ng maiinom, tumango sila. Di kalaunan, ang kwentuhan ay nahantong sa inuman. Nang lasing na si Predo ay inalok naman ito ni Egoy.

"Nasubukan mo na ba yung *Purple Haze?*" tanong niya sa kainuman.

"Naku di pa tol. Meron ka jan?" sagot ni Predo.

"Meron ako, kaso nasa bahay. Trip mo? Tara, sindi."

Tumingin si Bagsik kay Egoy, tumango ito pabalik sa kaniya. Lahat ng kasama ay inabutan ni Bagsik ng maliliit na plastik ng epektus. Pampabulag, kumbaga. Wala silang nakita.

Pagdating sa bahay ni Egoy, agad niyang kinuha ang tuyong damo sa ilalim ng kutson ng kama. Nakabalot pa ito sa diyaryo.

"Galing pang Baguio," sabi niya sa bisita.

Pumiraso siya mula ng dahon mula sa sangang dala niya at isinalin ito sa pipa. Iniabot niya ito kay Predo.

"Salamat tsong!" sabi nito sabay ngiti. Napangiti din si Egoy. Huli ka ngayon.

Sinindihan ito ni Predo at nagpaka-bangag. Wala pang isang oras ay tinamaan na ito.

"Tangina *men*, sobrang *gangsta* talaga ako…" lagi nitong sabi habang nagku-kwento ng mga nadaanan niyang away at mga rambol.

Umayon ang lahat sa plano, sabi ni Egoy sa sarili. Ibinabad niya ang *marijuana* sa *valium* ilang araw na ang nakakaraan. Ilang minuto po ay kakanta na ang bisita niya.

"Ganda ng *bracelet* mo ah? sabi ni Egoy sa kasama.

"Eto? Wala pa yan. Naku kung nakita mo yung mga dati. Ang kakapal." sagot ni Predo, mapungay na ang mga mata.

"San galing yan?"

"May pina-trabaho samin si bossing. Chicks pare. Sarap."

Nagdilim agad ang paningin ni Egoy. Kay Grace ang pulseras na iyon. Regalo niya sa kaarawan nito. Dilim ang paningin, kinagat niya ang labi para kumalma.

"Pre teka lang ah, may kukuhanin lang ako."

Umalis siya saglit at nagpunta ng kusina. Pinagmasdan niya ang mga kutsilyo na nakahilera sa tabihan ng lababo. Pinili niya ang pangtadtad ng karne. *Butcher knife* na tinatawag.

Habang humihithit sa pipa ang bisita, lupaypay sa sofa at nanghihina, walang ano ano ay tinaga niya ito sa leeg.

"Putang—" hindi na nito natapos ang sasabihin sapagkat tinakpan niya ang bibig nito gamit ang isa pa niyang kamay. Sinampal niya ito. Masamang magmura, kaya sinampal ni Jose si Delia. Nagpupumiglas ang katawan ng nanghihinang si Predo. Hinarap niya ito.

"Hindi malalim ang sugat mo sa leeg, madugo lang. Ngayon kung sasagot ng tama sa mga sunod kong tanong, dadalhin kita sa ospital. Papabayaan kita."

Malambot at putla, tumango ang lalaki.

Itinanong niya kung sino pang ang mga direktang sangkot sa pagkamatay ni Grace. Sinabi ng lalaki. Alam na ni Egoy ang sagot dito, matagal na. Nais niya lang marinig kung paano magtaksila ng isang tao sa bingit ng kamatayan.

"Salamat." wika ni Egoy, sabay taga ng pahalang sa mukha ni Predo. Nahati sa dalawa ang mukha nito, nawakwak. Hindi siya nakuntento. Tinaga niya ng tinaga ang ulo ni Predo hanggang sa ito ay magkagutay-gutay, parang punit na papel. Kumalat ang dugo sa kaniyang apartment. Pinunasan niya ang sarili. Maging ang kutsilyong ginamit. Sa isang itim na *body bag* ay isinilid niya ang bangkay ni Predo. Pinagkasya niya ito sa isang balikbayan *box* at inilabas gamit ang *wheeler* niya. May mga nakakita, isa o dalawa. Ngunit hindi siya nangamba. Mura ang buhay sa ganitong lugar. Bigyan ng pang-*beerhouse* ay ayos na.

Anim silang pumatay kay Grace. Ginahasa nila ito sa isang madilim na eskinita. Nang matagpuan siya kinabukasan, ang katawan niya ay bugbog sarado. Napahiyaw si Egoy nang makita ang malamig nitong bangkay sa unang pagkakataon. Puno ng pasa ang mukha, galos sa leeg. Bali ang mga braso, binti. Duguan ang ari nito. Heto ang babaeng minahal niya at inalagaan, walang awang binaboy at pinaslang ng mga taong lango sa bawal na gamot. Inalagaan niya ito, ngunit kinuha nila siya ng pwersahan. Sinong nagmamahal ang hindi lalamunin ng poot? Anim silang gumawa nito kay Grace, pero kung tutuusin ay kasalanan niya ang lahat. Pito silang may gumawa nit okay Grace, kasama siya. Patay na ang tatlo sa kanila, panghuli itong si Predo. Apat pa. Apat papuntang hustisya.

Nag-iisa at nilalamig, hinugot ni Egoy ang balisong sa hita. Nakakaramdam parin pala siya ng sakit, sabi niya sa sarili. Tao parin pala ako. Pinunasan niya ang talim ng balisong at saka ito inayos at ibinalik sa tagiliran. May nag-aabang sa kaniya sa labas. Dalawa sa mga may sala kay Grace. Kilala ang mga ito bilang mga miyembro ng isang *Akyat Bahay Gang*. Mga opurtunistang sabik sa mabilisang kita. Nabubuhay sa pinaghihirapan ng iba. Bumaba na siya sa ikalawang

palapag ng gusali ng kaniyang lumang *apartment.* Matapos ang nangyari kay Predo ay bumalik na siya dito. Nagpasalamat siya kay Omar at Bagsik, at nangakong hindi siya makakalimot.

Ibinalik niya ang mga gamit dito sa lumang tinutuluyan at dito na tumira muli. Kailangan niya ito, sabi sa sarili. Bumili siya ng bago at malaking telebisyon at iba pang mga kagamitan. Mga kompyuter, *Playstation* at kung ano ano pa. Sinigurado niyang malapit ito sa mga bintana at pinto. Alam niyang natiktikan ng mga magnanakaw na siya'y bagong lipat. Inugali niyang huwag ikandado lagi ang pinto, iniiwan niya itong bukas sa araw. Napapansin niyang pabalik balik na ang dalawa, si Kenji at Chinggoy, sa pagmamasid sa kaniyang tirahan. Ngayong gabi sila ay nakatambay na naman sa harap ng *gate* nila Egoy. Bumaba siya at nagkuniyaring may kausap sa telepono.

"Ha?! Asan ka?!" sigaw ni Egoy, nagpaparinig sa dalawa. Nagmura siya at sinipa ang isang basurahan sa tabi ng bakal na gate.

"Papunta na ko dun! Bumalik ka na dito, walang tao sa bahay! Oo hindi ko na-lock!" dagdag nito. Napansin niyang nagkatinginan ang dalawa. Dagli siyang tumakbo palabas ng compound.

Nagtago siya sa isang madilim na sulok. Napansin niyang lumilinga ang dalawa, naghahanap ng makakakita. Dumaan si Egoy sa isang bakanteng lote at umakyat sa pader nito. Tumawid siya papunta sa likod ng gusali niya. Sa likod siya dumaan, sa *fire exit*. Umakyat siya ng dali dali papunta sa tirahan niya, at nag abang sa likod ng pinto. Wala pang ilang minuto ay nangyari ang inaasahan niya: pumasok ang dalawa. Kinuha niya ang *baseball bat* na itinago sa likod ng pinto. Isinara niya bigla ang pinto at tumakbo papunta sa may *switch* ng ilaw. Pinatay niya ito.

Napalingon sa kaniya ang dalawang lalaki. Saglit niya lamang nakita ang mukha ng mga ito. Iwinasiwas niya ang hawak na kahoy sa kanilang direksyon. Isang malakas na “DAG!” ang umalingawngaw sa loob ng kaniyang tahanan. Tila natibag na kahoy, bumagsak sa sahig ang isa sa kanila. Narinig niyang tumakbo sa harap niya ang isa pa. Tama ang sabi ni Omar. Iba ang magnanakaw sa mamamatay-tao. Kumaripas ang isa pa papunta sa pintuan, ngunit hindi niya makakapa ang *doorknob*. Tinanggal ito ni Egoy. Kahit hindi kita sa dilim ay tinamaan ang lalaki ng isang malakas na hambalos mula sa baseball bat ni Egoy. Nabuwal ito. Binuksan niya ang ilaw. Nakahandusay ito sa sahig, duguan. Napunit ng nabasag na buto sa binti ang balat nito.

Umiiyak siya, ngunit walang tunog na lumalabas sa kaniyang labi. Tiningnan niya ang isa pang lalaki. Wala itong malay, naka-salampak sa sahig. Umaagos ang dugo mula sa ulo. Naalala niya ang panaginip. Ang bawat suntok, sipa, at tadyak. Naalala niya ang hinagpis na nadarama ng kaniyang kuya habang ikinukwento niya ang mga ito sa pulis. Isa itong hiram na alaala, hindi siya ang nakakita sa babae. Ang kaniyang kuya ay *witness* sa isang krimen kung saan may isang sikat na artista ang napatay. Ibinibintang ng mga tao ang krimen sa iba, sa pagkakatanda niya ay mga komedyante. Hindi narin niya maalala ang pangalan ng napatay na artista. Hindi siya kilala bilang Delia. Basta ang natatatandaan niya, pinatay ng isang nagngangalang Jose ang babae. Nakita ito ng kuya niya at nagtangkang tumulong. Sa ospital niya narinig ang kwento, habang nagpapaliwanag ang kuya niya sa mga pulis.

“Siya po talaga! Hindi po *suicide* yun!” sabi ng kuya niya.

Tinawanan lamang siya ng mga pulis.

Pagkauwi nila galing ospital, tinapunan ng granada ang bahay nila.

Isinisi ni Egoy sa baon nilang pansit ang pangyayari. Kapag si FPJ may dalang pansit, may namamatay. Si Egoy lamang ang nakaligtas. Patay ang mga magulang nila ng kuya niya sa pagsabog. Nang malaman ng kuya niyang nasa ospital ang nangyari, nagwala ito. Mula noon ay paulit ulit na istorya na lamang ang narinig niya mula dito.

"Si Jose, hindi si Pandoy."

"Pag nagmumura, sinasampal."

"Si Jose, hindi si Pandoy."

Pinagmasdan niyang muli ang lalaki sa sahig. Lumubog ang sentido nito. Sa lubog na nagawa niya ay naglawa ang dugo. Itinaas niya ang nangingig na kamao at isinuntok ito sa ulo ng lalaki. Paulit ulit, paulit ulit. Ramdam niyang bumigay ang bungo nito. Kinuha niya ang baseball bat at inihataw ito sa pagmumukha ng lalaki. Umurong ang ilong nito. Isang hataw pa ulit at nagkalat ang ngipin nito sa sahig. Hinampas niya ng hinampas ang ulo ng lalaki hanggang mapatag ito sa karpet niya, parang nasagasaan ng trak. Lumingon siya sa isa pang lalaki. Tulala ito sa takot.

"Anong ginawa namin sayo?" lumuluha nitong tanong.

"Nagnakaw."

"Wala kaming kinukuha!"

"Meron."

Inihagis ni Egoy ang pulseras na nakuha kay Predo. Napanganga ang lalaki.

"Nasan si Predo?"

"Gusto mong malaman?" tanong ni Egoy, naka-ngiti.

Walang ano ano ay binayo ni Egoy ng kahoy sa mukha ang lalaki. Dumipensa ito, itinaas ang mga braso. Mga brasong dinurog ni Egoy sa hampas. Hinampas niya ang tuhod nito paulit ulit hanggang sa makirinig siya ng isang malakas na “KRRK!”.

“TAMA NA PO!” sigaw ng lalaki.

Hindi tumigil si Egoy. Ano kaya ang naramdaman ni Grace habang ginagahasa nila ito? Ayaw niyang isipin. Nadudurog ang kaniyang puso. Puso. Mayroon pa pala siya noon.

Nang tumigil si Egoy ay hindi na niya mamukhaan ang lalaki. Nabura ang mukha nito sa dugo at laman. Kita niya ang maputi nitong bungo. Hindi pala sagad sa buto kaitiman nito, sabi niya.

Napatawa siya ng malakas. Tawa siya nga tawa. Tawang humina ng humina. Tawang nauwi sa pag iyak.

Itinapon niya ang bat sa sofa at nahiga katabi ng mga bangkay. Binasa niya ang diyaryong nabili kahapon. Isang matandang lalaki ang nasa unahan. Natagpuan daw itong patay sa kaniyang tirahan. Sa Los Baños din nakatira ang lalaki. Propesor ito ni Grace. Sikat itong manunulat ng pelikula. Nang minsang nagpagawa ito ng proyekto, nag-sumite si Grace. Nagustuhan niya ang gawa ng babae, kaya’t inangkin ito at isinali sa isang kompetisyon. Bibigyan na lamang daw siya ng ‘uno’. Nadurog ang puso ni Grace. Bakit may mga ganoon na tao sa mundo, tanong niya kay Egoy.

Nagalit siya sa naturang propesor, at nangakong igaganti ang minamahal. Ngunit pinigilan siya ni Grace. “May plano ang langit,” sabi lagi sa kaniya nito. Sa pagkamatay ni Grace, nalaman niya sa mga kaibigan na tinangka din pala siya nitong molestyahin kapalit ng mataas na grado.

Sa Los Baños nakatira ang propesor. Sa sumunod na semestre, pagkatapos ng kahindik hindik na pagkamatay ni Grace, kumuha siya ng klase sa ilalim nito. Nagpa-proyekto ito ng maikling kwento. Nag-sumite siya ng isang kwento na siguradong magugustuhan nito.

“Parang totoo talaga! Ayos to!” sabi ng propesor sa kaniya.

“Salamat, ser!” sagot niya.

Itinulak niya ang propesor na gawing pelikula ang kwento niya.

“Okay lang po kahit di ako ma-*credit*,” sabi ni Egoy sa kaniya. “Basta po mapalabas lang.”

Isinumite ng propesor ang kwento sa mga kakilalang prodyuser. Naaprubahan ito.

“May isang bagay lang akong nahihirapan,” sabi ng propesor sa kaniya.

“Ano po yun?”

“Saang bahay mo binase ang kwento? Kelangan makita ko, napaka-importante nito sa kwento.”

Itinuro niya ang inspirasyon niyang bahay sa propesor. Kada pagkatapos ng klase, dumadaan sila dito upang pag-aralan ang istraktura. Tuwang tuwa ang propesor, sisikat na naman ang pangalan niya. Tuwang tuwa si Egoy. Lulubog ka sa hukay, sabi niya.

Nakilala ni Egoy ang may ari ng bahay. Isa ito sa mga *supplier* ni Bagsik. Nakipagkita siya dito at sinabi ang ginagawa ng propesor.

“Araw araw po nagpapasama sakin, kinukunan ng litrato ang mansyon nyo.”

“Para saan?” tanong ni Don Tonio sa kaniya.

"Gagawa daw po siya ng pelikula. Eto po ang istorya."

Bungad palang ay namula na sa galit ang Don. Tunay ang mga pangyayari sa kwento. Tungkol sa kaniya ang istorya, sa mga krimen at lihim niya. Alam ni Egoy ito, pinalangoy niya sa droga ang mga bataan ng Don. Ginawa itong kwento at ibinigay sa propesor. Sa Los Baños nakatira ang propesor, at nalaman niyang isa ito sa mga matatandang miyembro ng sindikatong kalaban niya. Nangangalap ng ebidensya si Grace laban sa kaniya, nalaman niya ito. Kaya't ipinadukot at ipinagahasa niya ang esdtudyante. Magsasalita pa yan, sabi daw nito. Kaya't pinasakan nila ito ng panyo at inundayan ng maraming saksak. Namatay si Grace ng walang kalaban laban.

Pinatay na pala siya kahapon, sabi ni Egoy sa sarili. Sayang, wala siya doon. Pero alam naman niyang pinahirapan ito ng husto. Kitang kita sa mga letrato. Pitpit ang kuko, tadtad ng saksak ang tiyan at likod.

Nilinis niya ang mga kalat sa bahay. Tinawagan niya si Omar. Ilang minuto pa ay dumating na ito, dala ang isang *van* na hiniram sa isang kaibigan. Isinilid nila sa sako ang mga bangkay at isinakay ito sa sasakyan. Hindi magsasalita si Omar, takot na lang niya sa kayang gawin ni Egoy. Isa pa, ubos na ang kabilang grupo. Lalawak ang sakop niya. Dinala nila ang mga bangkay sa isang *poultry.* Tinadtad ni Egoy ang mga ito, *chop-chop n*a parang lechon. Itinapon nila ang mga pira-pirasong katawan sa mga baboy. Kayang umubos ng baboy ng katawan ng tao sa loob ng pitong minuto. Umalis sila sa koral at tumungo sa may-ari nito. Kayo na bahala boss, sabi ni Egoy sa may-ari. Kinamayan siya nito. Nagpatiwakal ang anak ng may-ari dahil sa pagnanakaw

ng propesor ng mga likha nito. Ito ang kaniyang paghihiganti. Sumakay sila sa sasakyan. Pinatay nila Kenji at Chinggoy ang anak ng nagmamaneho. Ito ang kaniyang paghihiganti.

Sa likod ng sasakyan, pumikit si Egoy. Tapos na ang lahat. Tapos na. Matatahimik na siguro ang babaeng naka-dilaw , naisip niya. Binuksan niya ang dalang bag at kinuha sa loob nito ang isang bote ng *softdrinks.* Inubos niya ang laman ng bote. Tiningnan niya ang pangalan nito. Naalala na niya ang pangalan ni Delia. Tunog *softdrinks*. Naalala niya ang mga nakatagong magasin ng kuya. *Soda Beauties*. Si Delia at ang laso sa kanyang leeg. Ito ang kaniyang paghihiganti.

Marahil pagdating niya sa bahay ay inaabangan siya ng mga tauhan ni Don Tonio, naisip niya. Matalino ito. Baka napaamin ang propesor na siya ang gumawa ng kwento. Pero paano niya gagawin yon, ikakatwiran niya. Kung ganoon siya katalino, di na sana siya magbebenta ng droga para magkapera. Hindi niya alam ang magiging reaksyon ng Don. Bahala na, sabi niya. Bahala na pagdating doon. Kung wala ang Don, magsusugat na lamang siguro siya sa sarili at tatakbo sa pinakamalapit na guwardiya ng kahit ano.

Sasabihin niyang nanakawan ang bahay niya ng malaking halaga, at nakatakas sila. Dadating ang pulis, at walang makikita kundi mga sirang gamit at kaunting dugo. Sasabihin niyang nanakawan siya ng ipon at mga mamahaling gamit. Hindi na hahanapin sila Kenji at Chinggoy kapag nalaman ng mga nakakakilala sa kanila na higit isandaang libo ang kanilang natangay. Bahala na. Ipinikit niya ang mga mata. Nakatulog siya. Sa panaginip niya ay hindi na tumatakbo ang naka-dilaw na babae. Naglalakad siya papunta kay Egoy, kalmado. Walang humahabol sa kaniya. Tapos na ang mga bangungot, tapos na.

Sa pagdaan ng ilan pang mga araw, na-aresto na ng mga pulis ang dalawa pang sangkot sa pagpatay kay Grace. Sinasabi ng mga pulis na dalawa lamang silang suspek, ngunit alam ni Egoy ang totoo. Nagpahuli na ang mga ito bago pa sila maabutan ni Kamatayan. Siya ang hukom. Siya ang lumitis. Siya ang humatol. Ngunit ilang tao pa ba ang kaniyang hahatulan? Ilang Grace pa ba ang kaniyang ipaghihiganti? Ilang pulis pa ba ang mauunahan niyang humanap sa mga Predo, Kenji, at Chinggoy ng mundo?

Nagtimpla siya ng kape. Hindi na siya nagkakape mula ng may mang-asar sa kaniya na kumukulay ito sa balat.

“Anong ibig sabihin ng Egoy?” tanong ni Grace sa kaniya ng una silang nagkakilala.

“Negro.” sagot niya.

“Di ka naman maitim ah?” sabi ni Grace.

Napailing siya. May patutunguhan ito, sabi ni Egoy sa sarili.

“Eh ikaw, bakit Grace pangalan mo?”

“Biyaya daw akong bigay ng langit. Yun ang sabi ng tatay ko. Pero *english*.”

Napatawa siya. Napangiti ang dalaga.

Naalala niya ang mga ngiti ni Grace. Humigop siya ng kape. Mainit, parang ang kaniyang mga halik.

Mahal kita, Grace.